



Puwede nang bilhin pagkatapos matanggap ang confirmation email ng order mo.

Idinisenyo ang Starlink Performance Wedge Mount para ikabit sa iba't ibang sasakyan, pati na sa mga kotse, bangka, at RV. Gawa mula sa matitibay na materyal na matatag sa kahit na anong lagay ng panahon, tinitiyak ng mount ang matibay na pundasyon para sa Starlink mo, na kayang tumagal sa iba't ibang kondisyon ng kapaligiran kabilang ang hangin na hanggang 280 kmh (174 mph). Idinisenyo ang 8 degree tilt ng mount para hikayatin ang pagpapadaloy ng tubig, na tumutulong na mapanatili ang malakas na koneksyon kapag umuulan.

May bolt pattern ang Performance Wedge Mount na tumutugma sa nakaraang henerasyon ng Wedge Mount, na pinapadali ang proseso ng pag-install kapag nag-a-upgrade sa bagong Starlink Performance Kit. Kasama sa mount ang lahat ng kinakailangang hardware at madadaling intindiing instruction para matiyak ang walang aberyang proseso ng pag-setup.

Compatibility:

Starlink Performance

Mga Laman ng Kit:

Wedge Mount, 8x M6 Machine Screw,
4x M6 Lock Nut, 4mm Hex Key


Sukat ng Package:

661 mm X 226 mm X 97 mm (26.0 in X 8.9 in X 3.8 in)


Timbang ng Package:

2.1 kg (4.5 lbs)

119 mm
(4.7 in)



613 mm
(24.1 in)



Idinisenyo ang Starlink Performance Flat Mount para magbigay ng sleek, low-profile na opsyon sa pag-install sa iba't ibang sasakyan, pati na sa mga kotse, bangka, at RV. Gawa mula sa matitibay na materyal na matatag sa kahit na anong lagay ng panahon, tinitiyak ng mount ang matibay at matatag na pundasyon para sa Starlink mo, na kayang tumagal sa iba't ibang kondisyon ng kapaligiran kabilang ang hangin na hanggang 280 kmh (174 mph). May 2 degree na tilt ang mount, na hindi gaanong optimal para sa pagpapanatili ng malakas na koneksyon kung nakatigil sa maulang panahon kaysa sa 8 degree na tilt ng Wedge Mount.

Kasama sa mount ang lahat ng kinakailangang hardware at madadaling intindiing instruction para matiyak ang walang aberyang proseso ng pag-setup.

Compatibility:

Starlink Performance

Mga Laman ng Kit:


Flat Mount, 4x M6 Machine Screw, 4x M6 Flat Head Screw, 4x M6 Lock Nut, 4mm Hex Key

Sukat ng Package:

324 mm X 184 mm X 44 mm (12.8 in X 7.2 in X 1.7 in)

Timbang ng Package:

1.0 kg (2.2 lbs)



Idinisenyo ang Starlink Performance Pipe Adapter para maikabit sa kahit na anong existing na poste na may minimum na diameter na 38 mm (1.5 in) at maximum na diameter na 60 mm (2.4 in). Dahil sa adaptable at matibay na device na ito, magiging madali ang pag-install nito sa iba't ibang laki ng poste, na nagbibigay ng flexibility at dali sa pagpoposisyon ng Starlink mo para magkaroon ng optimal performance.

Gawa mula sa matitibay na materyal na matatag sa kahit na anong lagay ng panahon, na kayang tumagal sa iba't ibang kondisyon ng kapaligiran, tinitiyak ng mount na may matibay at matatag na pundasyon ang Starlink mo.

Engineered ang Starlink Performance Pipe Adapter para madaling i-install. Para tiyakin ang walang aberyang proseso ng pag-setup, kasama na rito ang lahat ng kinakailangang hardware at madaling intindiing mga instruction.

NAKALAAN PARA GAMITIN LANG SA MGA METAL PIPE AT HINDI SA MGA PVC AT PLASTIC PIPE.

Compatibility:

Starlink Performance

Mga Laman ng Kit:

Pipe Adapter, 4x M6 Machine Head Screw,
2x Hex Key


Sukat ng Package:

320 mm X 290 mm X 109 mm (12.6 in X 11.4 in X 4.7 in)

Timbang ng Package:

2.2 kg (4.7 lbs)

218 mm
(8.6 in)



Idinisenyo ang Starlink Performance Wall Mount para i-install sa exterior wall na malapit sa tuktok ng gable o fascia. Kayang i-accommodate ng wall mount na ito ang 4" na overhang maximum at nagbibigay ng secure at long-reaching na platform para i-optimize ang paglalagay ng Starlink mo para magkaroon ng pinakamagandang connectivity at performance.

Gawa mula sa matitibay na materyal na matatag sa kahit na anong lagay ng panahon, na kayang tumagal sa iba't ibang kondisyon ng kapaligiran, tinitiyak ng mount na may matibay at matatag na pundasyon ang Starlink Performance mo. Nagbibigay-daan ang pahabang disenyo nito ng higit na flexibility sa pagpoposisyon, na nag-e-enable ng madaling pag-align at pagsasaayos para ma-maximize ang pagtanggap ng signal.

Madaling i-install at i-adjust, kasama na sa wall mount ang lahat ng kailangang hardware at instruction—na pinapasimple ang proseso ng pag-setup para sa walang aberyang karanasan.

Compatibility:

Starlink Performance

Mga Laman ng Kit:

Wall Mount, Aesthetic Cover, Mast, Silicone,
4x 12mm M6 Flanged Machine Button Head Screw,
2x M10 Lag Screw, 4mm Hex Key


Sukat ng Package:

305 mm X 300 mm X 269 mm (12.0 in X 11.8 in X 10.6 in)

Timbang ng Package:

Mount: 5.8 kg (12.8 lbs)

Ballast: 25.3 kg (55.8 lbs)



Puwedeng gumamit ng AC o DC power input ang Advanced Power Supply para paganahin ang Starlink mo, o bilang kahalili, ikonekta ang dalawang power source nang sabay-sabay kapag gumagamit ng battery backup na nakakonekta sa DC input. Kasama sa Power Supply ang LAN port para kumonekta sa Starlink o third party router o direktang kumonekta sa isang network switch. Puwedeng gamitin ang integrated mount para i-mount sa pader o DIN rail sa server rack.



Ipinapakilala ng Advanced Power Supply ang isang bagong microcontroller para magbigay ng karagdagang telemetry sa mga user at customer support kabilang ang mga power input/output, ethernet metrics, grid brownout, at connector water detection.

Compatibility:
Starlink Performance, Starlink Standard

Mga Laman ng Kit:
Advanced Power Supply, AC Power Cable,
DC Power Cable

Sukat ng Package:
388 X 247 X 107 mm (15.3 in x 9.7 in x 4.2 in)

Timbang ng Package:
3.6kg (7.9 lb)



Ipinapakilala ng Gen 3 Router ang WiFi 6 at mga tri-band radio sa Starlink. Sa pinahusay na saklaw, performance, at suporta sa device, palalawakin ng Starlink Gen 3 router ang WiFi network mo sa buong tahanan o negosyo mo para magbigay ng mas pare-pareho at mas mabilis na maaasahang koneksyon.

Kasama sa Performance Gen3 Router Kit ang 5m Starlink Cable, na kumokonekta sa router sa Advanced Power Supply. Walang kasamang Power Supply ng Router ang kit na ito, kaya hindi ito angkop para sa pag-set up ng wireless mesh network. Bumili ng Gen3 Mesh Kit sa Starlink Shop kung magse-set up ng wireless mesh network.

Compatibility:

Starlink Performance

Mga Laman ng Kit:

Gen 3 Router, 5m Starlink Cable

Mga Ethernet Port:

Dalawang (2) Latching Ethernet LAN port na may naalis na takip



Sukat ng Package:

346 mm X 152 mm X 100 mm
(13.6 in X 6.0 in X 3.9 in)

Timbang ng Package:

1.0 kg (2.2 lbs)

120 mm
(4.7 in)



Idinisenyo ang Router Mount para direktang i-mount ang Gen 3 Router sa pader o iba pang surface.

Pinakamainam ito para gamitin sa bahay o opisina kapag walang available na lugar sa mesa, o para sa mga mobility application kung saan pinakamahalaga ang space efficiency.

Kapag na-install na ang Router Mount, madali nang ikabit ang Gen 3 Router sa puwesto at tinitiyak ng cable retention na hindi aksidenteng mabubunot ang mga cable.

Compatibility:

Gen 3 Router

Mga Laman ng Kit:


Router Mount, 2x Screw,
2x Drywall Anchor

Sukat ng Package:

250 x 165 x 85 mm (9.8 x 6.5 x 3.3 in)

Timbang ng Package:

0.34 kg (0.75 lbs)



PERFORMANCE CABLE 5M

Idinisenyo ang 5m cable para palitan ang Starlink Performance 25m Cable mula sa Performance Kit kapag gusto mo na mas maikli ang haba sa pagitan ng lokasyon ng pag-install at power supply.

Compatibility:

Starlink Performance

Haba ng Cable:

5m (16.4 ft)

Sukat ng Package:

99 mm x 216 mm x 76 mm (3.9 in x 8.5 in x 3 in)

Timbang ng Package:

0.5 kg (1.0 lbs)



PERFORMANCE CABLE 25M

Idinisenyo ang 25m cable para palitan ang Starlink Performance 25m Cable mula sa Performance Kit kapag nasira ito o kung kailangan mo ng karagdagang cable bukod sa permanente mong pag-install.

Compatibility:

Starlink Performance

Haba ng Cable:

25m (82 ft)

Sukat ng Package:

221 x 406 x 66 mm (8.7 in x 16 in x 2.6 in)

Timbang ng Package:

1.7 kg (3.75 lbs)



PERFORMANCE CABLE 50M

Idinisenyo ang 50m cable para palitan ang Starlink Performance 25m Cable mula sa Performance Kit kapag gusto mo na mas maikli lang na haba sa pagitan ng lokasyon ng pag-install at power supply.

Compatibility:

Starlink Performance

Haba ng Cable:

50m (164 ft)

Sukat ng Package:

330 mm x 343 mm x 91.4 mm (13 in x 13.5 in x 3.6 in)

Timbang ng Package:

3.3 kg (7.3 lbs)



5M STARLINK ETHERNET CABLE

Idinisenyo ang 5m ethernet cable para palitan ang Starlink Performance 5m Starlink Ethernet Cable mula sa Performance Kit kapag nasira ito o kung kailangan mo ng karagdagang cable bukod sa permanente mong pag-install.

Compatibility:

Starlink Performance, Starlink Standard

Haba ng Cable:

5 m (16.4 ft)

Sukat ng Package:

102 mm x 325 mm x 33mm (4.0 in x 12.8 in x 1.3 in)

Timbang ng Package:

0.3 kg (0.7 lbs)



AVAILABLE SA FALL 2025**STARLINK PERFORMANCE CONNECTOR
FIELD TERMINATION KIT**

Ginagamit ang Starlink Performance Connector Field Termination Kit para sa pag-install ng Performance Connector sa isang existing cable. Mainam ang field termination kit para sa mga customer na nagpalit ng existing na Starlink High Performance installation gamit ang cable na mahirap i-rerun.

Compatibility:

Starlink Performance

Sukat ng Package:

150 mm x 231 mm x 79 mm (5.9 in x 9.1 in x 3.1 in)

Timbang ng Package:

0.24 kg (0.5 lbs)

**AVAILABLE SA FALL 2025****STARLINK CABLE FIELD TERMINATION KIT**

Ginagamit ang Starlink Cable Field Termination Kit para sa pag-install ng Starlink Cable connector sa isang existing cable. Mainam ang field termination kit para sa mga customer na pinapalitan ang existing na Starlink High Performance installation gamit ang cable na mahirap i-rerun.

Compatibility:

Mga Starlink Performance Cable,
Starlink Performance (Gen 1 at 2) Cable

Sukat ng Package:

150 mm x 231 mm x 79 mm (5.9 in x 9.1 in x 3.1 in)

Timbang ng Package:

0.32 kg (0.7 lbs)

